# 1

Sandaling binagalan ni Colby ang paglakad sa treadmill nang maramdamang nagba-vibrate ang cellphone niya sa bulsa ng sports shorts.

Napangiti siya nang mabasa ang pangalan sa LCD. Tulad ng nakasanayan nito tuwing umaga, tumawag muli ang Ninong Endymion niya. Hindi problema rito kahit ang ilang milyang layo nila; kasalukuyan itong nasa bahay nito sa Houston, Texas.

"Hello, 'Nong!" bati niya.

"Kumain ka na ba, anak?" bungad nito.

"Tapos na, 'Nong." Pinatay niya ang machine at lumakad patungo sa isang sulok ng gym para damputin ang tuwalya.

Bumulong si Cole ng tahimik na pasasalamat para sa malaking blessing na ibinigay sa kanya ng Diyos: ang makilala ang matandang ito.

He owed it all to this man—ang kinalalagyan niya ngayon, ang lahat ng mayroon siya. Kung hindi sa tulong nito, baka hindi ganito kaayos ang buhay

niya. Baka ni hindi siya nakatapos ng high school.

Driver nito ang kanyang ama noon. Ngunit nang mamatay si Cornelio Vargas noong huling taon niya sa elementary, maging silang magkakapatid ay tinulungan ni Endymion, lalo na siya dahil inaanak siya nito. Pinag-aral siya nito ng kolehiyo sa Amerika. Sa ngayon, doon na naka-base ang pamilya niya matapos makapag-asawa ang kapatid niya ng Kano at ipetisyon nito ang kanilang ina.

"May magandang balita na ba, Cole?" untag ng tinig sa kabilang linya na pumutol sa iniisip niya.

"I'm sorry, 'Nong. Pero 'wag kang mag-alala, malapit ko na siyang makita."

Nang magsalita ito muli, dinig niya ang paggaralgal ng tinig nito, "Okay lang. I know in God's time makikita rin natin siya."

Natigilan si Cole sa pagpupunas ng pawis sa mukha. Parang may pumiga sa puso niya. Alam niya ang hirap nito para lamang matagpuan ang kinaroroonan ng taong iyon. Gayunpaman, hindi ito nawawalan ng pag-asa.

Noong isang taon, na-diagnose na may cancer of the pancreas ang panganay na anak nitong si Jaime at inamin ng lalaki sa ama na mayroon itong bastarda

sa isang babaeng nagngangalang Wilhelmina del Rosario. Ang babae umano ay nagpakasal sa ibang lalaki dahil sa ginawang pagtalikod ni Jaime. Sigurado umano itong buhay ang anak nito at gusto nitong makilala iyon bago pa man ito tuluyang pumanaw.

Endymion paid detectives para hanapin ang babae sa Pilipinas—partikular sa lugar kung saan nagkakilala sina Jaime at Wilhelmina, sa Batangas. Upang lubos na makatulong sa paghahanap, minabuti ni Cole na umuwi sa Pilipinas at doon na manatili. Paminsan-minsan na lang siya magtungo sa Amerika para tingnan ang negosyo niya roon.

Pero walang nakakakilala sa pamilya del Rosario sa Anilao kung saan unang nakilala ni Jaime si Wilhelmina kaya hinulaan niyang hindi talaga taga-roon ang mga ito. He just wished na tama ang information na nakalap nila ngayon.

Sa laki ng utang-na-loob ni Cole kay Endymion Ferrer, napakaliit lang na bagay ang pinagagawa nito sa kanya. He had loved the old man like he was his real father. He could give him his own life, should he ask for it.

"Kumusta naman po si Tito?" pagbabago niya ng paksa.

Parang maiiyak ito nang sumagot. “Inatake siya kagabi ng abdominal pain at dinala namin siya sa hospital. Kailangan siyang i-chemotherapy uli. Hindi na kasi umubra ang surgery niya last week.”

Pumikit siya; nag-iinit ang kanyang mga mata. Itinuturing na niyang sariling pamilya ang mag-amang Ferrer. And his heart felt like breaking kapag nakakarinig ng ganitong balita. He would give anything, maibsan lang ang hirap na nararanasan ng mga ito sa ngayon.

“May awa ang Diyos, Cole,” narinig niyang sabi ni Endymion.

---

Ryanne sighed nang makitang malakas ang ulan sa labas ng mall na kinaroroonan. Bihirang-bihira siyang lumabas ng bahay dahil ang trabaho niya ay mag-manage ng maliit na book store na nasa tabi lang ng tinitirhan niya. Isa ang mga araw na ito sa mga panahong napapaalis siya. Wala na kasing laman ang kanyang refrigerator.

Pauwi na siya nang mapansing malakas pala ang ulan sa labas. Wala siyang dalang payong at malayu-layo rin ang kailangan niyang lakarin mula sa exit ng mall hanggang sa parking slot ng kanyang

lumang pick-up.

Naisip niyang mag-ikut-ikot muna. Nang mapagod ay nagpasya siyang pumasok sa isang coffee shop. *Cowboy Coffee* ang pangalan niyon. Hindi masyadong matao roon, just the way she liked it.

Pumuwesto siya malapit sa salaming dingding sa isang sulok. Mula roon ay kita niya ang labas ng mall.

Mukhang matatagalan pa bago tumila ang ulan. Minabuti niyang doon muna magpalipas ng oras. She ordered a cup of mocha java and started reading the book she just bought. Once again, she was alone in her world.

Masaya na siya sa ganoon, na lubhang ipinagtataka at ikinaiinis ng mga kaibigan niyang sina Sheryl at Jossa. Kaibigan niya si Sheryl since high school. Si Jossa naman ay isang bakla na nakilala niya last year nang maging regular customer ito sa book store na ipinamana sa kanya ng abuela. They were her two closest friends. Walang ipinayo sa kanya si Lola Leonora kundi ang sumama siya sa mga itong gumimik. Para umano magka-boyfriend na siya. Tinatawanan lang niya ang mga ito kapag ganoon ang usapan.

Wala pa sa isip niyang lumagay sa magulo at masaya siya sa buhay niya kahit mag-isa siya. She saw herself as someone independent. Kapag naiinip siya, malapit lang ang Zambales para mapuntahan niya ang bahay ng nakababatang kapatid niyang si Simmone na may asawa at anak na. O kaya tinatawagan niya ang inang may ibang pamilya na sa Germany at nakikipagkamustahan dito.

Para sa kanya, may rason kaya hindi pa niya nami-meet ang lalaking magpapatibok sa kanyang puso. Marahil hindi pa siya handa para sa pakikipagrelasyon kaya ganoon. She believed God was concerned with all the aspects of her life—and yes, including her love life. She trusted His timing. Darating din iyon sa tamang panahon. Sa ngayon, ie-enjoy muna niya ang pag-iisa.

---

"I have to hung up, Tiff. I've got to work. 'Bye," alibi ni Colby sa kausap sa cellphone. Nakahinga siya nang sumagot ito ng 'Bye.'

Nangungulit na naman ang apo ng kanyang Ninong Endymion at tinatanong kung nasaan siya. Anak ito ng bunsong supling ng ninong niya na si Rita. Dahil divorced na ang mga magulang nito at may sari-sarili nang pamilya, tila palaging kulang sa

atensyon ang babae. Unfortunately for him, siya ang palaging hinahanapan nito niyon.

Sinagot na lang niya ang tanong nito para matapos na ang usapang iyon. Hindi niya kailangan ng istorbo—especially now.

Marahang hinawi ni Cole ang ilang hibla ng buhok na bahagyang tumabing sa mga mata niya. He needed to do that from time to time dahil sa buhok niyang ilang buwan nang hindi nakakatikim ng gupit. Bukod doon, kailangan niya iyong gawin upang lalong mabistahan ang babaeng nakakuha ng kanyang atensyon for the first time in months.

He had spotted her since the very minute she entered the café which he partly owned. What he first noticed were her long legs clad in denims and the graceful way she walked.

Now the woman was three tables away from where he was standing. He watched her intently. His eyes were drawn to her lovely form. She was wearing an old rose tank top and denim jeans. She was so simple. Yet…

There was something about the way she slowly sipped her coffee. At ano kaya ang pakiramdam nang mahaplos ng mga kamay nito? Kanina pa niya

ini-imagine na sa dibdib niya marahang gumagalaw ang daliri nito at hindi sa rim ng coffee cup sa harap nito.

Colby shook his head to ward off his crazy thoughts. Man, to say she was hot was an understatement. At that very minute, he knew he had to have her on his bed. Ilang buwan na rin mula noong huli siyang makipag-date. Masyado kasing marami ang mga inaasikaso niya. Well, hindi siguro masama kung pagbigyan niya ang curiosity niya rito.

Bago pa niya napigilan ang sarili, kusang humakbang ang mga paa niya patungo sa kinaroroonan nito. Kumakabog ang dibdib niya habang unti-unting napapalapit sa babaeng nakatutok ang tingin sa librong binabasa. His gaze checked her fingers—Good. Walang wedding o engagement ring. He noticed how thick her lashes were when he stopped by her side.

Pagkatapos ay napakunot ang noo niya. It was like déjà vu. A book and a cup of coffee. Bahagyang namilog ang mga mata niya nang makilala ito.

“Some things just can’t be changed, eh?” he said.

Nag-angat ng mukha ang babae at nagtama ang

kanilang mga mata. Parang biglang may dumunggol na kung ano sa dibdib niya.

Napansin niya ang pagkabigla sa mukha ng babae at ang bahagyang pag-awang ng mapupula nitong labi. For a moment, he fought the almost irresistible urge to grab her nape and kiss her thoroughly. Those lips looked so sweet.

He swallowed and cleared his throat. “Hi, Rye.”

---

Maraming beses na kumurap si Ryanne. Hindi niya napansing nabitawan niya ang hawak na paperback. Hindi siya makapaniwala! Nasa harap niya ngayon si Colby, the very same Colby she wished to see again for a thousand times for the last twelve years. But no, he was a lot different Colby this time. He was three times more devastatingly handsome today.

Nakadagdag sa kabiglaan niya nang yumuko ito at marahang hagkan ang pisngi niya—malapit na malapit sa sulok ng kanyang labi! Kaagad nanlambot ang mga tuhod niya. Gusto niyang pagalitan ito sa ginawa pero naisip niyang baka hindi nito sinadya iyon.

“It’s so nice to see you again, Ryanne,” he

whispered huskily against her skin. Pakiramdam niya ay hihimatayin siya. His masculine scent was wreaking havoc on her senses. Everything about him was oozing with potent sex appeal. God help her.

Umupo ito sa katabi niyang silya bago pa niya ito maanyayahan. "Kumusta ka na?" he asked. Ryanne noticed how his strong gaze surveyed her face with some intense emotion in his eyes.

"I… I'm doing f-fine," nagawa niyang sabihin. *Well, I was, before you approached me.*

Colby would not fit now for the 'boyishly handsome' description she used to give him then. He looked more mature, darker, rougher… tougher. Marahil dahil iyon sa bahagyang stubbles sa paligid ng bibig nito. He seemed larger than life itself. Ang dati ay medyo payat nitong katawan ay may muscles na ngayon. Kita iyon kahit sa simpleng shirt at faded maong pants na suot nito. He looked so virile and strong. Pero naroon pa rin ang mischief sa mga mata nito at ang arrogance sa pagtaas ng isang sulok ng labi nito.

"So what's the verdict? Pumasa ba 'ko?" tanong nito.

Namula ang mga pisngi ni Ryanne nang ma-

realize ang kanyang ginagawa at mapansin ang knowing smile sa mukha ng kaharap. Parang gusto niyang tumakbo palabas ng lugar na iyon at sugurin ang malakas na ulan. Nakakahiya siya!

He chuckled nang hindi siya sumagot. Pakiramdam niya ay siya ang pinagtatawanan nito. Nakahinga siya nang maluwag nang ibahin nito ang usapan. “Saan ka na ngayon?”

Paulit-ulit niyang pinaalala sa sarili na hindi na siya ang dating Ryanne. Hindi niya puwedeng gawing katawa-tawa ang sarili sa harap ng lalaking ito. Pinatatag niya ang boses. “I have a small business.”

Ipinatong nito ang siko sa ibabaw ng table at bahagyang humilig palapit sa kanya. “Really?”

Pinigilan niya ang sariling umatras. Tumango siya bilang sagot sa tanong nito. “Maliit na book store lang iyon, pamana ng lola ko. Ikaw, kumusta ka na?”

“I just arrived three months ago from Texas. But I’m planning to settle here permanently.”

“With your family?”

“Naiwan sila doon. Bibisita na lang ako every

now and then." Hindi nito inaalis ang mga mata sa kanya, na lubhang ikinanenerbyos niya.

"Eh, ang wife mo?"

Umagaw ng atensyon sa mga kalapit-mesa ang malakas na tawa nito. "I'm a certified bachelor," anito mayamaya. "Ikaw, nas'an ang boyfriend mo? Bakit iniwan ka niyang pagala-gala rito sa mall?" biro nito.

"Wala akong boyfriend." Huli na para bawiin ang nasabi na niya. Napansin niya ang kumislap na kung ano sa mga mata nito.

"Good." Pagkatapos ay walang-imik na tinitigan siya nito. Ilang na ilang siya. Hindi siya makaisip ng ibang sasabihin. Hindi sila close noon kaya wala siyang maisip na mausisa. Ngani-nganing paalisin niya ang binata. Natetensyon siya sa titig nito at sa katahimikan sa pagitan nila.

"Wala ka bang kasama?" usisa niya. Gusto na niyang mapag-isa muli at hindi siya komportable sa presence nito.

"I'm alone. Nag-ikot-ikot lang ako."

Pakiramdam niya ay matutunaw na siya sa mga tingin nito. Iniwas niya ang mga mata rito at

tumingin sa tasa ng kape. Hindi niya maintindihan pero bigla siyang nakadama ng kaba na parang may ibang tao rin na nakatingin sa kanya bukod kay Colby. Pasimple niyang iginala ang mga mata sa paligid pero wala naman siyang napansing kahina-hinala. Pinalis niya sa isip ang kaba at si Colby ang pinagtuunan ng pansin.

"Uhm… Cole," sinulyapan niya ang labas ng mall, "I'd better go. Mukhang humihina na ang ulan." Gusto na niyang makalayo sa binatang kaharap. "Mauuna na ako sa 'yo."

Ipinasok niya ang paperback sa loob ng isang plastic bag ng groceries na dala niya. Dadamputin na lang niya ang pinamili nang maunahan siya nito.

"Ihahatid na kita," anito na mabilis na nakatayo.

"I have a pick-up."

"Then, just let me carry these for you hanggang sa sasakyan mo."

Palihim siyang nagpaikot ng mga eyeballs. Nakaisip siya bigla ng convincing excuse. "Oh, naalala ko. Mayroon nga pala akong bibilhin pa."

"Talaga?" Tila lalo pa itong natuwa sa sinabi niya. "Sasamahan na kita."

Lihim na napabuntong-hininga si Ryanne. She knew a man like him would not accept 'no' for an answer. Binilisan niya ang lakad para makadistansya rito kahit kaunti.

Dumaan sila sa drug store at bumili ng vitamins. Ang totoo, marami pa siya niyon sa bahay. Pero hindi siya makaisip ng ibang pupuwedeng bilhin. Hindi niya derechahang maitaboy si Colby.

Well, if she would search her heart, matatagpuan niyang may tuwa at kilig doon dahil sa atensyon na ibinibigay ng binata. She somehow felt proud.

Pagkatapos makabili, tinungo nila ang daan palabas ng mall. Sinugod nila ang ngayon ay mahina nang ulan. Nakahinga siya nang mamataan ang gray pick-up na pinamana sa kanya ng stepfather niya. Pero nawala ang tuwa niya nang mapansing flat ang gulong niyon. Basag din ang harapang salamin.

"Oh, my God!" bulalas niya.

"Why?" Napalingon si Colby sa tinitingnan niya. "Oh! Baka napagdiskitahan ng kung sinong walang magawa."

Tiningnan niya kung may nawala sa mga gamit niya sa nabuksang sasakyan. Lumapit ang binata sa parking attendant at nag-usisa. Nalaman nilang

madalas ang ganoong kaso sa lugar na iyon. Iyon na raw ang pangatlong pagkakataon na nagkaroon ng ganoong pangyayari. Ini-report nila ang insidente sa pinakamalapit na police station at ayon sa mga pulis, malamang mga juvenile delinquents ang gumawa niyon.

Napabuntong-hininga na lang ang dalaga sa inabot na kamalasan. Binibiro yata siya ng tadhana. Bakit ngayon pa siya nabiktima ng ganito? Mahirap humanap ng taxi kapag ganitong rush hour. At kung kailan naman may iniiwasan siyang sitwasyon….

Napaigtad siya nang hawakan ni Colby ang braso niya. "Ihahatid na lang kita," anito. She noticed the triumphant glint in his eyes. Wala siyang nagawa kundi sumunod dito.

Hindi nila napansin ang matalim na tingin na nakasunod sa kanila habang patungo sila sa kotse ng binata.

---

Wala silang imikan habang nagbibiyahe. Parang sinisilaban ang pakiramdam ni Ryanne habang sakay ng dilaw ng *Toyota Celica* ni Cole. Her lungs were filled with his clean, masculine scent. At parang nasisikipan siya sa kinalalagyan dahil sa presence

nito. Pumikit siya at nagtulug-tulugan.

Lihim na nagpasalamat siya nang buksan nito ang car stereo. Nakabawas kahit papaano sa tension sa parte ng dalaga ang musikang pumailanlang. Ngunit iyon din ang kantang pinakikinggan niya noong una silang nagkakilala ni Colby. Bumalik sa isip niya ang mga pangyayari noon twelve years ago….

# 2

*Twelve years ago...*

Naupo si Ryanne sa isa sa mga benches na nakapalibot sa school quadrangle. Inilapag niya ang styrofoam cup ng kanyang kape at ikinabit ang earphone ng walkman sa magkabilang tainga.

Kulang kalahating oras na mula noong i-dismiss ang kanilang klase pero hindi pa siya uuwi. Ang totoo, ayaw niya sa bahay nila. Wala naman kasi siyang narinig doon kundi, ‘Ba’t hindi mo gayahin ang kapatid mo?’

Tanggap na niyang hindi siya ang paboritong anak ng ama. Sa labing-tatlong taon ba naman ng buhay niya na halos ipamukha nito sa kanyang lampa at pangit siya. Alam niyang kaya ganoon ito ay dahil kamukhang-kamukha niya ang ina na umiwan sa kanila para mag-asawa ng iba sa Germany.

Later on, nalaman niyang hindi pala siya anak ng kinilalang daddy niya kaya ganoon. Isang lalaking nagngangalang ‘Jaime Ferrer’ ang umano ay tunay niyang ama. Hindi na nagpakita ang lalaki matapos itong tawagan ng kanyang ina at sabihang may

nabuong bata ang maikling relasyon ng mga ito. Dahil tila hindi ito interesadong kilalanin siya, hindi na nag-aksaya ng panahon si Ryanne na hanapin ito.

Sanay na siya sa parinig ng kinikilala niyang ama, oo. Pero mas gusto pa rin niyang magkaroon ng at least ilang oras na may peace of mind kaya nagtatagal siya sa school. Sa mga oras na ganito, walang daddy na nanenermon at walang nang-aasar na classmates. Ito ang oras niya.

May ilang minuto pa bago ang practice nila sa glee club kung saan siya miyembro. Kung tutuusin, ayaw niya talagang sumali roon. Wala siyang kumpiyansang kumanta sa entablado sa harap ng maraming tao. Pero mapilit ang adviser niya kaya nagpatianod na siya.

Hinagilap niya ang aklat na niregalo ng kanyang lola noong last birthday niya. Tatawagin siya ng kasamahan kapag magsisimula na ang practice nila. Sa ngayon, aalamin muna niya kung ano ang nangyari sa kasong hawak ni *Nancy Drew*.

And then, she heard her favorite song playing on the radio. Ibinaba niya ang aklat sa kandungan at ipinikit ang mga mata.

She loved everything about it. Pakiramdam

niya ay pinaghehele siya ng tunog ng gitara at ng violin. She felt romantic habang pinakikinggan ang instrumental part. Marahang sinabayan niya ang kanta habang napapikit pa.

Pero napahiyaw siya nang may tumama sa ulo niya at nabitawan niya ang hawak na coffee cup. Mabuti na lang at hindi siya natapunan ng lumigwak na laman niyon. Napatayo siya at galit na pinukol ng masamang tingin ang isang soccer ball. Iyon ang tumama sa kanyang ulo.

"I'm so sorry, Miss." Bago pa niya nalingon ang taong may-ari ng tinig na iyon, nakalapit na ito at natatarantang hinaplos ang gilid ng ulo niyang medyo namamanhid pa dahil sa tama ng bola. "I'm so sorry," paulit-ulit nitong sabi.

Namula ang mga pisngi ni Ryanne. The guy was too close for her comfort. "I'm okay." Isinangga niya ang kamay para pigilin ito and in the process, he touched her hand. Lalo siyang namula.

Tiningala niya ito para sana tarayan. But what she saw made her jaws drop in awe. Light brown eyes with long lashes were staring at her with so much concern. He got a strong nose and a pair of thin red lips. His hair was longer than it should be and a little unkempt. Yet, he carried it well. He was

tall and lean. *Oh, my God, ang guwapo!*

Suddenly, nalimutan niya ang sakit ng natamaang ulo. Nalaglag nang bahagya ang salamin niya sa ibaba ng nosebridge niya.

"Are you all right?" His voice was deep and manly; bagay sa guwapo nitong mukha. "Dadalhin kita sa clinic kung gusto mo."

Noon siya natauhan. "N-no. I… I mean, I'm o-okay." Inaayos ni Ryanne ang salamin. Kandautal siya hindi dahil sa nangyari kundi sa lalaking kaharap.

"Hindi ko talaga sinasadya." He looked straight into her eyes. At kahit sa likod ng eyeglasses niya, pakiramdam ni Ryanne ay tagos sa kaluluwa niya ang tingin nito.

She smiled nervously at saka inalis ang mga mata sa mukha ng lalaki. Tinanggal na niya ang earphone sa magkabilang tainga at niligpit ang walkman saka isinilid sa loob ng bag. "O-okay lang ako. Don't worry, s-sanay akong t-tamaan ng bola. May magnet yata ng bola itong ulo ko, eh."

The young man stared at her for heart-pounding seconds bago ngumiti. Unti-unting lumawak iyon hanggang sa mapahalakhak ito. She looked in

wonderment at his handsome face. He had an awesome smile. Lumabas ang pantay-pantay at mapuputi nitong ngipin. Ryanne felt her knees turning jelly.

"At least, I know you're all right," anito mayamaya. "By the way, I'm Colby." He offered his hand to her. Hindi siya nakakilos. Ito na ang umabot sa kamay niyang bahagya pang nanginginig. "You're…?" Nakataas ang dalawang kilay nito sa kanya at tila hinihintay ang sagot niya.

Parang naumid ang kanyang dila. Hawak pa rin nito nang mahigpit ang kamay niya. She swallowed and cleared her throat. "Uhm… k-kuwan."

Colby chuckled. "Oh, come on. Hindi bagay sa 'yo ang pangalang Kuwan."

She felt her cheeks grew hot. She realized how absurd she must have looked. "Ryanne," nabiglang sagot niya.

Kumunot ang noo nito. "Ryan, as in guy's name?"

Nabubulol na ini-spell niya rito ang pangalan. "Oh, cute."

Hindi niya alam kung ang pangalan niya ang pinatutungkulan ng adjective na iyon o siya mismo.

Ngumiti muli nang matamis ang lalaki saka binitawan ang kamay niya.

“Nice meeting you, Ryanne. One day, iti-treat kita ng coffee. Pambayad sa natapon ko. Pasensya ka na, I can’t do it today. Nagpa-practice kasi kami. ’Bye!” Ini-shoot nito sa trash can ang cup na pinulot at saka dinampot ang soccer ball. Lumakad ito nang ilang hakbang paatras at kumaway sa kanya. Nang ngumiti siya ay saka lang ito tumalikod.

Ryanne watched his back as he walked away. She knew right there and then, Cole took her heart out with him. He became her very first addiction. It happened too fast; she knew Cole got her with his first smile.

Gustuhin man niyang isekreto ang damdamin, nabuko siya ni Sheryl. Nasa canteen noon ang magkaibigan at kasalukuyang nagmemerienda nang may biglang pumisil sa pisngi niya. Nagulat siya at kaagad na nag-angat ng mukha. Muntik na niyang maibuga ang laman ng bibig nang makilala ang nasa harap niya.

“Hi, Rye,” bati ni Cole. Kinilig siya sa nickname na itinawag nito sa kanya. Ito lang ang tumawag sa kanya ng ganoon. Her parents and friends were calling her ‘Yannie.’ “’Eto na’ng bayad ko sa utang

ko kahapon." Ibinaba nito sa mesa nila ang cup ng paborito niyang kape at may kasama pang isang box ng donuts.

Tila nagrebolusyon ang mga daga sa dibdib niya pagkakita rito. Nakauniporme ito at maayos na naka-brush up ang buhok, hindi katulad kahapon. This time, he looked fresher. She decided he was attractive sa kahit anong ayos o suot. At paano naman niya mapipigilang pamulahan ng mukha kung ganoong nakangiti ito sa kanya nang matamis at parang hindi pansin ang nag-uusisang mga tingin ng ibang estudyante na naroon din sa canteen?

Sa sobrang shock at tuwa niya, wala siyang nasabi. Kung hindi pa nagsalita si Sheryl para ipakilala ang sarili sa binata, hindi pa siya matatauhan. Nakaalis ito nang wala kahit isang salitang lumabas sa bibig niya.

Katakut-takot na tukso ang inabot niya mula sa kaibigan. Saka lang niya na-realize kung ano ang ginawa niya. Pinagmukha niyang tanga ang sarili… at sa harap pa ni Colby! Kung posible lang, baka binugbog niya ang sarili sa inis.

Mula noon, wala nang bukang-bibig si Sheryl kundi, 'May crush talaga sa 'yo si Cole.' Na sinasagot niya parati ng 'Imposible.'

Alam niyang excited lang ang kaibigan kaya nagkaroon ng ganoong kaisipan. Palibhasa iyon ang unang beses na nagpakita siya ng interes sa isang lalaki. She was always aloof and almost a snob when it came to boys. Lalo na kapag nagpapalipad-hangin ang mga ito, unti-unti na siyang lumalayo. Wala siyang panahon para sa pakikipagrelasyon at sa tingin niya ay masyado pa siyang bata para roon; she was only thirteen. Ang pag-aaral ang mas binibigyan niya ng konsentrasyon dahil doon lang siya puwedeng mas makaangat sa kapatid niya. Doon siya maaaring ipagmalaki ng daddy niya.

It was also through Sheryl that she learned that Cole was actually popular. He was a campus icon, being an officer of the Student Council and member of the soccer varsity. Siya lang yata ang hindi nakakaalam ng mga bagay na iyon. Marami rin siyang karibal dito. One of them was the reigning *Miss San Diego College*, si Tiffany Cuerdo. Nang makita niya itong kasama ang binata, lumala ang inferiority complex niya.

Kumpara kay Tiffany, para siyang yagit. Mayaman ito, maputing-maputi ang balat at napakaganda. Sa batang edad nito ay may makurba na itong katawan. Samantalang siya, may baby fats pa! Ang buhok niya ay palaging maiksi ang gupit dahil masyado

iyong maalon at makapal. Titikwas lang iyon kapag pinahaba. Well, marami ang nagsasabing magaganda ang mata niya. Pero sa suot niyang salamin, hindi iyon mapapansin ng kanyang crush. It was hopeless for her to be noticed by someone like Colby Vargas.

Pero sa mga panahong kinakausap siya ng binata, muling nabubuhay ang pag-asa niya. Tuwing M-W-F, kapag nagpa-practice sila ng kapwa members ng glee club ay naroroon si Cole sa auditorium. Sumasabay kasi ito sa gitarista nilang si Randal sa pag-uwi. At habang hinihintay ang kaibigan, nanonood na rin sa kanila ang lalaki. Sa mga ganoong pagkakataon kapag nakikita niya ito, halos walang lumabas na tinig sa bibig niya sa sobrang kaba. Hindi siya makatingin dito dahil natatakot siyang makita nito sa kanyang mga mata ang paghanga niya para rito.

Sulyapan lang siya nito at ngitian, pakiramdam niya ay siya na ang pinakamagandang estudyante ng *SDC*. But in the end, siya rin ang masasaktan dahil makikita niyang sweet na sweet ito kay Tiffany.

Sa diary niya na lang ibinubunton ang lahat ng nararamdaman para sa binata. Imbis na 'Dear Diary' ang opening remark ng bawat entry niya, 'Dear Cole' ang naroon. Doon niya inilalabas ang lahat ng feelings para rito. Ang ending niyon ay palaging 'I

love you beyond the stars.'

Pero isang kaklase niya na paboritong gawin siyang katatawanan ang nakadiskubre ng sekreto niya—si Yvette. Naiwan niya ang diary sa ibabaw ng kanyang table at nakita iyon ng babae. Nang makita niyang hawak nito iyon, pilit niya iyong binawi. Pero dahil mas matangkad sa kanya ang kaklase, naiwas nito ang kamay na hindi niya maabot.

Nagtatakbo ito sa school corridor habang isinisigaw ang natuklasan: "Si Enriquez, may crush kay Colby Vargas!" Ang masaklap, narinig iyon ni Cole na noon ay napadaan sa corridor. Nakaangkla sa braso nito si Tiffany.

Sa pinaghalong galit, hiya at desperasyon, hinabol niya si Yvette. Naabutan niya ito sa hagdanan at gigil na sinabunutan ito. Well, hindi lang iyon para sa pagkakalat nito ng lihim niya, para rin iyon sa mga pang-aapi at pangungutyang ginawa nito sa kanya sa halos isang taong magkaklase sila.

Nadala siya sa principal's office at nagpahayag ng pagkabigo ang kanyang adviser. Hindi raw nito in-expect mula sa kanya ang ganoong 'barbaric' behavior. Lalong lumiit ang tingin sa kanya ng ama. Wala raw talaga siyang kuwenta. Halos paghintuin na siya nito sa pag-aaral kung hindi lang napigilan

ng Lola Leonora niya.

Pero ang pinakamasakit ay ang usap-usapan sa school nang bumalik siya matapos ang ilang araw na suspension.

Kasalukuyan siyang nasa canteen habang naghihintay sa oras ng kanilang practice sa glee club nang lapitan siya ni Tiffany at ng grupo nito. Sa harap ng maraming tao ay sinabihan siya nitong kiri at ilusyunada. Kung hindi pa dumating si Cole para awatin ito, hindi pa titigil ang babae sa kahihiyaw. Dinig na dinig niya ang bulungan ng ibang estudyante—lahat laban sa kanya. Umiiyak na binitbit niya ang bag at dere-derechong lumabas ng school. Hindi na siya bumalik muli roon pagkatapos. Hindi niya kinaya ang kahihiyan, nagpalipat siya sa ibang school.

And that was the last time she saw him. Ilang buwan niyang lihim na iniyakan iyon. Nagpalala ng kanyang inferiority complex ang pangyayaring iyon.

Hindi na nila iyon pinag-usapan ni Sheryl, na nanatiling kaibigan niya kahit magkaiba na sila ng school. Marahil ay inisip ng babae naka-get over na siya sa infatuation niya para sa binata. Kaya naman walang alam ang kaibigan nilang si Jossa tungkol doon.

Ryanne sighed softly. She was twelve years older now. Hindi na siya ang eengot-engot na Ryanne Enriquez noon. Marami nang nagbago sa kanya ngayon. Maiksi pa rin ang buhok niya but it was chic and fashionable now. Contact lenses na lang ang ginagamit niya, kapalit ng makapal ng salamin.

Kasabay ng maagang paglagay sa tahimik ng kanyang kapatid sa edad na sixteen at pagkamatay ng kanyang nakagisnang ama dahil sa stroke, nawala na rin ang inferiority complex niya. Well, aware siyang may mga weakness siya, pero tanggap na niya iyon ngayon. She had made peace with herself.

Hindi siya papayag na api-apihin ngayon ng mga tulad nina Tiffany at Yvette. At lalong hindi na siya papayag na magmukhang tanga sa harap ng kahit sinong lalaki… kahit pa kay Cole!

# 3

Bumalik ang isip niya sa kasalukuyan nang marinig ang tinig ni Cole. “Something wrong?” Narinig pala nito ang pagbuntong-hininga niya. Hindi siya nakapagsalita nang makita ang concern sa mga mata ng binata nang lingunin siya. “’Wag mong masyadong isipin iyong nangyari sa sasakyan mo. May kakilala akong may-ari ng talyer, ipaaayos ko na lang.”

Gusto sanang sabihin ni Ryanne na hindi niya iyon masyadong iniisip. Walang nanakaw sa laman ng sasakyan niya at malamang tama ang hinala ng mga pulis at minalas lang na iyon ang napagtripan.

Napapitlag siya nang hawakan nito ang kamay niya at mabilis na pisilin. Saglit lang iyon dahil kaagad nitong ibinalik ang kamay sa manibela, pero daig pa niya ang nakuryente.

Lihim niyang ipinilig ang ulo. Kailangan niyang paglinawin ang isip. Kapag ang lalaking katabi ang masyado niyang pinagtuunan ng atensyon, baka maloka siya. “Thanks. I’m okay, don’t worry,” aniya after clearing her throat.

"Hindi mo pa nga pala sinasabi kung saan ka nakatira sa Quezon City."

Sinabi niya rito ang kanyang address. Kaswal silang nagkuwentuhan habang nagbibiyahe. Unti-unting nag-relax siya, hanggang sa makarating sila sa tapat ng bahay niya.

"Salamat sa paghatid mo," aniya nang nasa tapat na siya ng kanyang pinto.

"Don't mind it," anito habang kinukuha ang plastic bags ng pinamili niya mula sa likod ng kotse. Ibinaba nito iyon sa sementadong daan. Napatutok ang mga mata nito sa bahay sa kabila, sa karatula sa harap niyon. "May for rent palang bahay dito. I've been looking for a house for a couple of months now."

"Bakit, may ibababahay ka na ba?" biro niya habang hinahagilap ang susi sa kanyang bag at nakatalikod dito.

Nagulat siya nang tumawa ito nang malakas. Ngunit lalo niyang ikinagitla nang maramdaman ang init na nagmumula sa katawan nito na halos nakadikit na pala sa likod niya. Marahang inagaw nito ang susi sa kamay niya at ito na ang nagsuksok niyon sa keyhole ng pinto. All the while, halos

yakap siya nito dahil ni hindi siya nito pinatabi. Ang mga braso nito ay halos nakadikit na sa palibot ng baywang niya habang inaabot nito ang knob ng pinto.

"That was hardly on my mind." She shivered when she felt his breath on her ear.

Bago pa siya nakahuma ay nabuksan na nito ang pinto at bahagya siya nitong itinulak sa balikat papasok sa bahay. Natatarantang lumayo siya ng ilang hakbang at hinarap ito.

"Uhm... Cole… thank you—"

"Do you mind if I stay here for a while? Gusto ko sanang makausap iyong may-ari ng bahay sa kabila," anito na pumutol sa tangka niya sanang pagtataboy rito. Ibinaba nito ang plastic bags sa center table.

"My younger sister owns it at ako ang pinag-aasikaso niya niyan."

"Talaga? Good. Then, let's talk about it now." Gusto niyang mag-panic nang relaxed na maupo ito sa sofa niya. "You have a very cozy home," komento nito.

"Thanks. But w-why would you want to rent a house here?" Isipin pa lang niyang magiging

kapitbahay niya ang binata ay kinakabahan na si Ryanne.

"My business is near here. I have a house in Batangas pero nakakapagod naman kung magpapabalik-balik ako araw-araw, di ba? Mas okay kung may uuwian ako rito. Para weekends na lang ako kailangang lumuwas."

*May uuwian ako rito.* Bakit parang iba ang dating ng mga salitang iyon sa kanya? Parang asawang uuwian… "Pero bakit dito? I'm sure kaya mo namang kumuha ng condo somewhere near here," aniya.

Ngumiti ito nang buong simpatiko. "Bakit ba parang ayaw mo akong tumira rito? Ayaw mo ba n'un, magkakaroon ka ng kapitbahay na pogi?" She hissed. Pero aaminin niyang nanghihinayang din siya sa ibabayad nito. Napangiti ito sa reaction niya. "Actually, nagtitipid ako. May pinaplano kasi akong bagong business na itatayo and I need more finances for that," maikling paliwanag nito.

Nagkibit-balikat na lang si Ryanne para magmukhang kaswal. "Magpapalit lang ako ng damit, 'tapos sasamahan na kita sa kabila," aniya.

"I think you look just fine. Okay na 'yan."

Humagod sa kabuuan niya ang mga mata nito.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng pisngi nang mapansin niyang sandaling tumigil ang paningin nito sa dibdib niya.

*Herodes!* aniya sa isip. Pero hindi niya iyon maisatinig. “Sige, kukuhanin ko lang ang susi,” paalam niya at dere-derechong nagtungo sa ikalawang palapag ng bahay. She felt his heated gaze on her back.

---

“Malaki rin pala ito,” komento ni Colby nang makapasok sila sa kabilang bahay. “Okay lang ba kung lumipat na ako as soon as possible?”

“O-oo naman,” ani Ryanne. Siya pa ba ang tatanggi sa grasya? Alam niyang kailangan ng kapatid niya ng dagdag na kita dahil mag-aaral na rin ang bunso nito sa pasukan. Mahal pa naman na ang tuition fee ngayon. Kaya lang ay hindi niya maiwasang kabahan sa ideyang makikita niya si Cole araw-araw. “Kailan mo ba balak lumipat?”

“Probably by Monday.”

Bahagyang namilog ang mga mata niya. Sa Monday na agad? Biyernes na noon.

Natawa ito nang mahina nang mapansin ang

mukha niya. “Gan’un talaga ako. I don’t take too much time in making decisions.”

Hindi na siya kumibo.

Dalawang floors ang apartment ngunit mas maliit nang kaunti kaysa sa kanyang bahay. The walls were painted cream. Maluwang ang sala at kusina. May sofa at dining table na roon. Sa second floor ay isang silid lang ang naroon. Regular iyong nililinis ng stay-out cleaning lady niya tuwing umaga.

“Ayos pala, hindi ko na kailangang bumili ng furniture,” anitong tinapik ang armrest ng sofa.

Marami pa itong tinanong na sinagot niya nang maayos. Kaya lang hindi niya maiwasang mailang sa mga tingin na ipinupukol nito sa kanya. Pakiramdam niya ay may laser ang mga mata nito at nakikita maging ang kaluluwa niya.

“See it for yourself. Itse-check ko lang ’yung linya ng tubig,” paalam niya nang hindi na makatiis. Nagtungo siya sa kusina at sa CR para tingnan ang gripo.

Mayamaya ay narinig niyang umakyat ito ng hagdanan patungo sa second floor. Ilang minuto pa ay narinig niya ang boses nito. “Bakit ganito ’tong life-size mirror ninyo?”

Sinundan niya ito at napatawa nang makitang nakatayo ito sa harap ng malaking poster ng isang sikat na *Hollywood* actor. Ginagaya nito ang pose ng aktor sa larawan, maging ang pagkakangiti. Umarte itong kunwari ay reflection nito ang nasa poster na naiwan tiyak ng magkaibigang kolehiyala na huli nilang tenant.

"Mestizo ako sa salamin ninyo, ah," dagdag pa nito.

"Ang kapal," aniyang napatawa muli.

His laughter produced a charismatic and manly sound. He looked more like the high school guy she had a crush on years ago. She felt like swooning for him… again.

Hindi niya alam, tila nagsayaw sa saya ang kanyang mga mata at napansin iyon ng binatang kaharap.

Lumapit ito sa kanya at masuyong pinisil ang baba niya. "I've missed that smile."

Natigilan si Ryanne. She could feel the thudding of her heart. Lalo pa iyong nagwala nang marahang hawiin nito ang ilang hibla ng buhok niya sa noo saka hinaplos ng knuckles nito ang pisngi niyang sigurado siyang pulang-pula na noon. Parang napako siya

sa kinaroroonan. She saw his expression suddenly changed.

"I wonder if they taste just as sweet as they looked." Alam niyang ang mga labi niya ang tinutukoy nito dahil doon nakatutok ang mga mata nito.

Sukat sa sinabi nito ay para siyang natauhan. Pinalis niya ang kamay nito at humakbang paatras. Gusto niya itong tarayan. Ngayon lang uli sila nagkita after twelve years at pini-flirt na siya nito? Ano bang klase ang lalaking ito?

Pinilit niyang gawing pormal ang tinig. "K-kung tapos ka nang tingnan itong bahay, b-bumalik na tayo sa kabila. Doon na lang natin p-pag-usapan kung interesado kang umupa rito o hindi."

Nagpatiuna siya sa paglabas ng silid, pero inabot nito ang braso niya at pinaharap siya. Tinitigan siya nito.

"What if I tell you I'm more interested in you?" anas nito nang halos isang dangkal na lang yata ang layo ng bibig nito sa kanya. Ikinatindig iyon ng balahibo niya sa katawan. She knew he was talking about something sort of… sexual.

"Let me go, please." Nagpilit siyang kumawala

sa pagkakahawak nito, pinagbigyan naman siya nito.

"I'm sorry kung nabigla ka. I told you I don't take too much time in making a decision. At kanina bago kita lapitan sa café, I've decided that I like you."

Muling namilog ang mga mata niya sa pagkagitla. Bakit ba ganito ang lalaking ito? Ito ba ang nagawa rito ng ilang taong pananatili sa States?

Pinilit niyang maging kalmado. "I've changed my mind, hindi ko na ipaparenta sa 'yo ang bahay na 'to," garalgal ang tinig na saad niya.

Nagmamadali siyang iniwan si Colby at nanginginig ang mga tuhod na pinilit ang sariling mabilis na lumakad palabas ng bahay. How dare him! How dare he to even try seducing her! Ano ang akala nito sa kanya? Easy girl?

*Bastos! Pervert!* litanya niya sa isip. Nagpupuyos siya sa inis nang makarating sa kanyang bahay. Nagulat siya nang maabutan ang taong nasa sala at umiiyak—si Simmone!

"Sim!" aniya. Nawala ang inis niya at napalitan ng pag-aalala. Lumapit siya sa kapatid at niyakap ito. Kaagad siyang kinabahan. "May nangyari ba?"

Alam niyang hindi ito basta luluwas nang

walang pasabi kung walang mabigat na dahilan.

"Ate, si Mickey kasi," tukoy nito sa panganay na anak na walong taong gulang lamang. "Naaksidente siya." Napahagulhol na ito.

"Ha! Paanong…? Ano ba ang nangyari?"

Napaupo siya sa tabi nito at nag-aalalang hinagod ang likod nito. Nakita niya sa tapat ng nakabukas na pinto si Cole pero hindi niya ito pinansin.

Sa pagitan ng mga hikbi, inilahad ni Simmone kung paanong nabundol ng isang taxi ang pamangkin niya na nagba-bike pauwi galing sa school. Nabugbog ang katawan ng bata at kailangan umanong masemento ang isang hita. Ang problema, nagtago na ang driver at operator ng taxi na nakabangga rito.

Napamasahe siya sa sintido. Parang biglang sumakit ang ulo niya. Kababayad lang niya kanina ng bill ng kuryente. At kai-issue lang niya ng cheque para sa isa nilang supplier. Nagpasuweldo pa siya ng tao. Bakit naman ngayon pa nangyari ang ganito?

"Wala pa bang nagtatanong tungkol sa bahay ko?" tanong nito mayamaya. "Kailangan ko talaga ng pera."

Noon tumikhim si Cole at lumapit sa kanila.

Inalok nito ang isang kamay na kaagad ding inabot ng kanyang kapatid. “Hi, I’m Colby Vargas. Actually, katitingin ko lang sa bahay mo. At interesado akong umupa roon,” anito.

“Talaga?” di-makapaniwalang sabi ni Simmone.

Tumango ito at tumabi kay Ryanne, sabay sampay ng isang braso sa balikat niya, na para bang sinasabi sa kapatid niya na may relasyon silang dalawa.

Namula ang mukha niya sa inis at pagkapahiya; pasimpleng pumiksi siya para maalis ang akbay nito.

“Uhm… hahayaan ko na kayong dalawa na mag-usap.” Pero bago siya hinayaang umalis ng binata, inabot muna nito ang kamay niya at palihim na pinisil.

*Hudas!* Tinapunan niya ito ng masamang tingin.

---

Habang nag-uusap sina Colby at Simmone, inasikaso ni Ryanne ang hapunan. Seafood kare-kare ang niluto niya.

Hindi man niya narinig kung ano mismo ang napagkasunduan ng mga ito, alam niyang nagkaayos na ang dalawa at marahil ay nagkabayaran na rin ng

two months deposit, one month advance na renta.

Sa kanila na naghapunan ang lalaki. Nagpasya ang kapatid niya na roon na matulog sa bahay niya. Iniwan umano nito ang mga pamangkin niya sa mother-in-law na kapitbahay lang nito.

Habang naghahapunan, pansin na pansin niya ang panonood ni Colby sa pagkain niya. Katapat ng silya niya ang inuupuan nito at may mga pagkakataon na marahan nitong pinatatamaan ng paa ang paa niya sa ilalim ng mesa. Kapag tumitingin siya ay ngumingiti lang ito. Pakiramdam niya ay pinaglalaruan siya nito kaya asar na asar siya. Nakasimangot siya buong hapunan sa sobrang inis.

Si Simmone ay tila walang napapansin. Patuloy ito sa pagkukuwento at pag-i-interrogate sa bisita tungkol sa kung anu-ano. Abut-abot ang pasasalamat niya nang sa wakas ay magpaalam ang lalaki nang mga alas ocho na ng gabi. Nakatanggap ito ng tawag at naulinigan niyang kausap nito si 'Tiffany.' Nahulaan niyang si Tiffany Cuerdo iyon. Hanggang ngayon pala ay magnobyo pa rin ang dalawa.

Lalong sumiklab ang inis sa puso ni Ryanne. Ang kapal ng lalaking itong magpa-cute sa kanya, may girlfriend na pala!

"Salamat sa masarap na dinner," anito nang ihatid niya ito sa labas.

Tumango lang siya, buwisit na buwisit pa rin. Nang makasakay ito sa kotse, tumalikod na siya.

"Rye…" tawag nitong muli na nagpalingon sa kanya. Itinaas niya ang isang kilay at hinintay ang sasabihin nito. Ngumiti ito nang simpatiko. "It's so nice seeing you again. Good night," anito bago pinaandar ang kotse.

Napahumindig siya sa inis. Ano ba ang gusto nitong patunayan? Na patay na patay pa rin siya rito hanggang ngayon?

# 4

Hindi na naabutan ni Ryanne si Simmone pagkagising kinabukasan. Alas cinco ng madaling-araw umalis ang kapatid niya at nag-iwan lang ng note.

Galing siya sa pag-jo-jogging nang madatnan ang pamilyar na kotse sa harap ng kanyang bahay. Iyon ang sasakyan ng lalaking naging dahilan ng hindi niya pagkatulog nang nagdaang gabi! Kasalukuyan nitong ipinapasok ang dalawang malaking maleta sa bahay ng kapatid niya.

Mabilis na umakyat sa ulo niya ang kumukulong dugo. "Ano'ng ginagawa mo rito? Akala ko ba sa Monday ka pa lilipat?" malakas na angil niya.

Lumingon ito sa kanya. His eyes glittered when their gazes met. "Oh, there you are." Mabilis nitong binitiwan ang mga hawak na maleta sa loob ng bahay, isinara ang pinto niyon at saka lumapit sa kanya. "Kanina pa kita hinahanap."

Akmang yayakapin siya nito kaya iniamba niya ang kamao sa harap nito. "Subukan mong hawakan ako at tatamaan ka talaga sa akin!" banta niya.

Natawa ito nang malakas at humakbang nang

kaunti palayo para pagbigyan siya. “You must be *Circe* incarnate. You look lovely even in your sweats,” anitong humagod ang mga mata sa kabuuan niya nang kung ilang beses.

Nag-init ang mga pisngi ni Ryanne. Bumalik sa isip niya ang nangyari nang nakaraang araw noong muntik na siya nitong mahalikan. Pinanatili niya ang katinuan ng isip. Hindi siya padadala sa pambobola ng buwisit na ito.

“And you are *Chimaera* incarnate!” gigil na balik niya na lalong ikinalakas ng tawa nito. Muli niya itong tinalakan. “Bakit dala mo iyang mga gamit mo? Bakit hindi mo sinabi kagabi na ngayon ka na agad lilipat? Alam ba ito ni Simmone? At paano mo nakuha ang susi niyan? Ang kapal ng mukha mong magpa-cute ngayon. Baka akala mo nalimutan ko na iyong ginawa mo kahapon sa….” Umilap ang mga mata niya at iniwas ang paningin dito.

Sinapo nito ang baba niya at pinilit na pagharapin ang mga mukha nila. “Ginawa kong alin?” There was that mischievous glint in his eyes again.

“Bitiwan mo nga ako!” Pinalis niya ang kamay nito at umakmang susuntukin ito sa sikmura.

“Oops!” Bago pa tumama sa tiyan ng lalaki,

sapo na nito ang kamao niya. Nagpumiglas siya para bawiin ang kamay pero mahigpit ang hawak nito roon.

"Let me go!" Pinigilan niyang manginig ang tinig.

He gave her an amused smile. "Really, Ryanne… I didn't know you have this fiery side. N'ung high school tayo, napakatahimik mo. Nonetheless, I like—no, I love it." Dinala nito sa bibig at mabining hinagkan ang nakakuyom pa rin niyang kamay. His gaze was fixed on her face the whole time.

Pakiramdam ng dalaga ay sinisilaban na ang mukha niya. Itinaas niya ang isang paa at buong lakas na sinipa ang isang binti nito. Nabitawan siya ng binata.

Mabilis siyang lumakad at binuksan ang pinto ng bahay niya gamit ang susi mula sa kanyang bulsa. Pero bago niya pa maisara muli ang pinto ay napigil na iyon ng isang kamay ng lalaki.

Napapikit siya saglit. "Hindi na ako natutuwa sa 'yo," seryosong sabi niya.

Itinaas nito ang mga kamay sa ere. "Okay, okay. Hindi na kita iinisin."

"Ngayon, ano'ng kailangan mo?" Inilagay niya ang isang kamay sa hamba ng pinto para harangan ito sa tangkang pagpasok.

Sinupil nito ang isang ngiting gustong mamuo sa mga labi. In that expression, all the more that he looked charming. "Di ba may tinatanong ka kanina? At mayroon din akong kailangang itanong tungkol sa bahay," anito. "Pero mas okay siguro kung over coffee tayo mag-uusap, di ba?"

Adelantado talaga.

Pero may punto ito. After all, parang kailangan din niya ng kape para ikalma ang sarili. She was known for being slow to anger, patient and soft-spoken. Hindi niya alam kung bakit nagawa niyang magtaray ngayon.

Walang salitang iniwan niya ito at dumerecho sa kusina. Maraming beses siyang huminga nang malalim habang tinatalunton ang corridor patungong kusina.

Habang hinihintay ang kapeng sinalang sa percolator, dumerecho siya sa banyo para maghilamos. Kasalukuyang nagtutuyo siya ng mukha gamit ang isang towel nang may bumagsak sa paanan niya mula sa towel drawer sa ulunan

niya—isang napakalaking ahas!

Napatili siya.

---

Humangos si Colby sa pagtungo sa banyo sa kusina nang marinig ang malakas na sigaw ng dalaga.

"Ryanne, what—Jesus Christ!" bulalas niya nang makita ang nasa paanan ng babae. Isang sawa na halos gahita ang laki!

Mabilis na yumakap sa kanya ang babae. Humahagulhol ito nang malakas. Ramdam niya ang pangangaligkig ng katawan nito sa takot. Mariing nakatakip sa bibig nito ang isang kamay upang pigilan ang muling pagsigaw nang gumalaw ang ahas. Pero nagtaka si Colby dahil tila may kakaiba sa kilos ng ulupong at kung hindi siya nagkakamali, parang may nakatakip sa bibig nito.

"Hush, Baby…" Hinagod niya ang buhok at likod ni Ryanne. Isinubsob nito ang mukha sa dibdib niya.

"Baka tuklawin tayo, Cole!" hysterical na bulalas nito.

"Shh… " Hinagkan niya ang tuktok ng ulo nito,

hoping that it would help her calm down.

Inakay niya ito patungo sa sala; naupo sa sofa. Dinukot niya ang cellphone mula sa bulsa at tinawagan ang numero ng barangay hall. Matapos ang ilang minutong pag-uusap, ibinalik niya iyon sa bulsa.

He tried his best to ease her fears. Buong suyong hinaplos niya ang buhok nito; hindi niya ito binitawan hanggang sa makalma ito.

“I’m o-okay now, C-Cole. Y-you can l-let me go,” sumisinghot na bulong nito habang pinapahid ang luha sa mukha.

Balak niya sanang umiling at hapitin pa ito. He never thought hugging somebody could bring him to such level of elation. Pero narinig niya ang humintong sasakyan sa harap ng bahay. Napilitan siyang bitawan ang dalaga. Si Ryanne na ang nagbukas ng pinto at tumambad sa kanila ang isang matangkad na lalaki na nakauniporme ng barangay tanod.

“Good morning, Sir,” bati ni Cole dito na mabilis na nakalapit. Nagpakilala ang bagong dating sa dalaga, pagkatapos nagpasukan sa loob ang dalawa pang kasama nito. Matapos ang ilang pagtatanong

at ang pagbitbit na rin ng mga ito sa nahuling ahas, nagpaalam na ang mga ito. Malabo pa rin sa kanila kung saan maaaring nanggaling iyon dahil wala namang magubat na lugar o damuhan sa malapit para pagmulan niyon.

Nahahapong naupo si Ryanne sa sofa. Sumunod sa kanya ang binata. Nilingon niya ito. "Mabuti na lang nandito ka. Kung nagkataon, baka hindi ko nalaman ang gagawin ko sa sobrang pagkataranta."

Ngumiti ito nang tipid. "So you realize now that you need me, huh?"

Namula ang mukha niya. Ibang 'need' ang pumasok sa isip niya. Paanong hindi, kung ganoong nakatitig na naman ito sa mga labi niya? There was a raw expression in his eyes, and she knew exactly what it meant.

"Rye…" paanas nitong tawag.

Para siyang napaso. Marahas na tumayo siya at umatras. Tila nag-aapoy ang mga mata nito na sumalubong sa paningin niya. Gusto niyang tumakbo at magkulong sa silid pero hindi siya makakilos. Tumayo rin ito. Isang hakbang lang at nasa harap na niya muli ito. He moved to touch her face.

"Don't." Itinaas niya ang isang kamay para

pigilan ito. “Please…”

Tumalim ang tingin nito at sa mariing tinig ay sinabi, “If you’re trying to tell me you don’t like me, then you’re lying.”

“Hindi iyon… ” napalunok siya, “…ang sasabihin ko.”

“Good,” tila relieved na tugon nito. “I knew it was a mutual—”

“Pero hindi ako katulad ng iniisip mo, Cole. Maawa ka sa akin; iba na lang ang biktimahin mo,” putol niya. Kumunot muli ang noo nito.

Tinalikuran niya ito pero hinagip ng lalaki ang braso niya at hinila siya paharap. “Would you care to explain that? I don’t suppose—”

Sunud-sunod na busina ang pumutol sa sasabihin nito. Mabilis niyang tinungo ang pinto at nabigla nang makilala ang bumaba sa hot pink na kotse.

“Tiffany!” bulalas ni Cole na nasa likuran na pala niya.

“Surprise!” anang bagong dating. Mabilis na tumakbo ito palapit sa kanila at tila hindi siya nakita na inihagis nito ang sarili sa lalaki sa tabi niya at

hinagkan ito sa labi!

---

Nakakunot pa rin ang noo ni Cole habang naghahanda para sa pagtungo sa opisina ng private investigator na siyang naghahanap kay Wilhemina del Rosario. Nagtatagis ang mga bagang niya sa inis.

Halos hilahin niya palabas ng bahay ni Ryanne si Tiffany matapos siya nitong hagkan. Kung hindi pa tumawag ang manager nito at i-remind ito sa appointment nito sa isang advertising company, hindi pa ito aalis. Kahit pa sinabi niya kanina na may lakad siya at may importanteng bagay na kailangang ayusin.

Hindi niya akalain na masusundan pa rin siya nito hanggang dito sa bahay na inuupahan niya sa unang araw pa lang. Hindi siya mabibigla kung may magsasabi sa kanyang may kinuha rin itong detective para sundan siya.

Mula pa man noong pumasok siyang boy sa bahay ng Ninong Endymion niya at makita siya ni Tiffany, hindi na siya tinantanan ng babae. Nang makarating siya ng Amerika, nagtungo rin ito roon at doon nag-aral. Ilang beses niya itong tinapat na wala siyang nararamdaman para rito maliban sa

pagtinging-kapatid pero wala iyong epekto sa babae. Nahihiya naman siyang derechahin ito dahil malaki ang utang-na-loob niya sa pamilya nito, lalo na sa lolo nito na ninong niya.

Ang ikinaiinis ni Colby, umaarte itong tila girlfriend niya; pati mga babaeng nakakarelasyon niya ay inaaway nito. Hinayaan na niya ito dahil may weird itong ugali kapag hindi nakukuha ang gusto. Naroong magtangka itong mag-suicide o kaya ay binabantaan ang mga babaeng nali-link sa kanya.

Biglang sumagi sa isip niya si Ryanne. Well, she was one of Tiffany's early victims. Tandang-tanda pa niya ang huling beses na nakita niya si Ryanne sa school bago ito lumipat sa ibang eskuwelahan. Pinahiya ito ng kababata niya matapos mabalita sa buong campus na may crush si Ryanne sa kanya.

Nawala ang kunot niya sa noo. May maliit na ngiti na namuo sa mga labi niya nang sumagi sa kanyang isip ang nangyari kaninang umaga sa sala ng dalaga. Muntik na niya itong mahalikan! Sayang! Gayunpaman, alam niyang hindi magtatagal at matitikman din niya ang mga labing iyon.